Maaari ko bang gamitin ito sa lahat ng gasolinahan?

Ang paggamit ng Pantawid Pasada Card ay limitado lamang sa mga gasolinahang may Point of Sale (POS). Maghanap lang po ng gasolinahan na may POS o may na-kapaskil na "PANTAWID PASADA CARD ACCEPTED HERE."

Bukod sa tulong na ito ng pamahalaan, ano ang iba pang maaring pag-gamitan ng Pantawid Pasada Card?

Maaari ring gamitin ang card para makakuha ng ibang benipisyo katulad ng mga diskwento o promo ng mga kumpanya ng langis katulad ng kasalukuyang diskwento para sa mga jeepney na may halagang Php 1.00 - Php 1.50 sa bawat litro ng diesel.

Paano kung nawala ang card?

I-report kaagad sa DOE kung sakaling mawala ang Pantawid Pasada Card, mag-sumite lamang ng "Affidavit of Loss". Kung nais kumuha ng kapalit ng nawalang card, kailangang magbayad ng P50/card.

Maaaring tumawag sa Pantawid Pasada hotline: (02) 984-6381
o magtext sa mga sumusunod na numero:
Globe: 0917-556-0759; 0917-480-3488
Smart: 0947-392-5378
Sun: 0932-778-6494
o di kaya'y magsadya sa tanggapan ng DOE sa Energy Center, Fort Bonifacio, Taguig City.

Anong gagawin sa card kung sakaling maubos na ang laman nito?

Mangyari lamang itago ang card dahil maaari pa itong magamit sa mga panahong kailanganin ang tulong ng pamahalaan o sa mga diskwento o promo sa mga produktong petrolyo na ipinatutupad ng mga kumpanya ng langis. Ang card ay may bisa nang hanggang taong 2016 kung kaya't hindi dapat ito itapon o iwala.



Mga Karaniwang Tanong sa Pantawid Pasada Card

Para sa mga tanong at karagdagang kaalaman:
Tumawag sa: (02) 984-6381
O mag-text sa:
Globe: 0917-556-0759; 0917-480-3488
Smart: 0947-392-5378
Sun: 0932-778-6494
Email: ptap@doe.gov.ph
Website: www.doe.gov.ph

Ano ang Pantawid Pasada Card?

Ito'y handog ng ating pamahalaan bilang tulong sa mga lehitimong pampasaherong jeepney upang makadagdag sa kanilang kita sa pansamantalang hamon ng panahon. Ang card na ito ay naglalaman ng Php 1,050.00 na maaaring gamitin sa pagbili ng krudo o diesel sa mga makikilahok na gasolinahan.

Saan at kailan pwedeng makakuha ng card?

Magsisimula sa May 2, 2011 ang pamimigay ng cards sa National Capital Region (NCR). Maghintay lamang ng anunsyo ng DOE kung kailan ang schedule ng distribution ng inyong association o samahan. Mangyari po lamang na bisitahin ang DOE website (www.doe.gov.ph) para sa mga schedule ng distribution. Ang distribution center para sa NCR ay sa Camp Crame Grandstand, Quezon City. Iaanunsyo ng DOE ang schedule ng pamimigay sa ibang rehiyon, sa pakikipagtulungan ng PIA.

Ano ang mga dokumentong kailangan dalhin para mabigyan ng Pantawid Pasada Card?

a. Orihinal at photocopy ng current Confirmation Certificate mula sa LTFRB
   Kung walang Confirmation Certificate, dalhin ang mga sumusunod:
   1. Orihinal at photocopy ng Certificate of Public Convenience, (Decision/Order)
   2. Photocopy ng OR (mula April 2010-March 2011)/CR

b. Orihinal at photocopy ng isang valid ID (na may larawan)

Pagkabigay ng card, maaari ko na ba itong magamit kaagad?

Pagkakuha ng card, mangyaring maghintay muna ng limang (5) araw bago ito gamitin. Ito ay upang bigyan ng panahon ang bangko na i-load ang Php 1,050.00 sa mga card.

Maaari ba itong gamitin nang minsanan lang o dapat ay paunti-unti ang pagkonsumo sa Php 1,050.00 na load ng card?

Ang buong halagang Php 1,050.00 na laman ng card ay maaring gamitin sa pagbili ng krudo o diesel nang minsanan o paunti-unti, depende sa inyong pangangailangan. Kung hindi gagamitin ng minsanan, siguraduhin na mayroong sariling talaan ng bawat konsumo upang malaman ang natitirang load ng Card.

Saan namin maaaring gamitin ang card?

Ang Pantawid Pasada Card ay maaring gamitin pambili ng krudo o diesel sa mga kalahok na gasolinahan. Magsadya lamang sa mga gasolinahan na may nakapaskil na "PANTAWID PASADA CARD ACCEPTED HERE."

Maaari ko bang gamitin ito sa pagbili ng iba pang produkto bukod sa krudo o diesel?

Tanging krudo o diesel lamang ang maaaring bilhin gamit ang Pantawid Pasada Card. Hindi po ito maaaring ibili ng iba pang produkto sa tindahan sa gasolinahan o sa ibang pamilihan. Hindi rin po ito maaring gamitin sa mga Automatic Teller Machine (ATM) para i-withdraw ang Php 1,050.00 na load nito.

Paano gagamitin ang card?

Kapag magpapakarga sa gasolinahan, ipakita lamang ang card sa gasoline attendant at sabihin ang halaga ng krudo o diesel na ipapakarga. Siguraduhin na ang numero ng plaka na nakatala sa Card at sa jeep na kakargahan ng krudo o diesel ay magkatugma.

Maaari bang magamit sa ibang sasakyan ang card?

Ang Pantawid Pasada Card ay naglalaman ng impormasyon na partikular lamang sa naka-rehistrong jeepney na may plakang may numero na katumbas ng nakasaad sa card kung kaya't hindi ito maaaring magamit sa ibang sasakyan.

Paano malalaman kung magkano pa ang balanse na natitira sa Pantawid Pasada Card?

Maaari ninyong ma-check ang balanse o natitirang load ng inyong card mula sa Point of Sale (POS) terminal ng gasolinahan. Ibigay lamang ang inyong card sa gasoline attendant at sabihin na tignan kung magkano pa ang natitirang load sa card.

Maaari ba itong magamit ng ibang tao?

Ang card ay maaaring gamitin ng ibang tao basta't ang numero ng plaka ng jeepney na kakargahan ng krudo o diesel ay tugma sa gamit na Card.